SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 20, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.


OFFICE OF THE SANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 060724
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
7 JUN 2024
Santa Cruz, Laguna


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President<br>May karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 259-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 018-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2024 NG BARANGAY OOGONG, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGLALAAN NG HALAGANG P3,000.00 BILANG DAGDAG SA HONORARIUM NG PUNONG BARANGAY AT HALAGANG P2,000.00 BILANG DAGDAG SA HONORARIUM NG BAWAT PITONG KAGAWAD AT SK CHAIRMAN KASAMA ANG KALIHIM AT INGAT-YAMAN NG BARANGAY NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG ENERO 2025.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Oogong sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 018-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2024 na nagdaragdag ng honoraria ng Punong Barangay, Pitong Kagawad kasama ang SK Chairman, gayundin ang Kalihim at Ingat- Yaman ng barangay para sa taong 2025;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 018-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2024 ng Barangay Oogong na nagdaragdag ng halagang P3,000.00 bilang dagdag sa Honorarium ng Punong Barangay at halagang P2,000.00 bilang dagdag sa honorarium ng bawat Pitong Kagawad at SK Chairman kasama ang Kalihim at Ingat-Yaman ng barangay na magsisimula sa buwan ng Enero 2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Oogong, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 20, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

6/5/24 344